




# DIYABETES

MGA DAPAT NINYONG MALAMAN



Diabetes: what  
you need to know

ENGLISH/FILIPINO



**diabetes**  
nsw & act

---

# Contents

| <b>Chapter</b> | <b>Index</b>                                                                                               |
|----------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|                | Foreword                                                                                                   |
|                | Introduction                                                                                               |
| 1              | What is diabetes                                                                                           |
| 2              | Types of diabetes                                                                                          |
|                | Type 1 diabetes                                                                                            |
|                | Type 2 diabetes                                                                                            |
|                | Gestational diabetes                                                                                       |
| 3              | Risk factors                                                                                               |
| 4              | The Diabetes Health Care Team                                                                              |
| 5              | Annual Cycle of Care                                                                                       |
| 6              | Healthy Eating for Diabetes                                                                                |
| 7              | What's in food?                                                                                            |
| 8              | Common Questions about Food and Diabetes                                                                   |
| 9              | Diabetes and Alcohol                                                                                       |
| 10             | Physical activity                                                                                          |
| 11             | Oral Medications                                                                                           |
| 12             | Insulin                                                                                                    |
| 13             | Blood Glucose (Sugar) Monitoring                                                                           |
| 14             | Short Term Complications – Hypoglycaemia                                                                   |
| 15             | Short term complications – high blood glucose (sugar) level (hyperglycaemia, DKA, HONK/HHS, and sick days) |
| 16             | Chronic complications                                                                                      |
| 17             | Diabetes and your feet                                                                                     |
| 18             | Diabetes and Pregnancy                                                                                     |
| 19             | Diabetes and Your Emotions                                                                                 |
| 20             | Diabetes and Driving                                                                                       |
| 21             | Diabetes and Travel                                                                                        |
| 22             | Need an Interpreter?                                                                                       |
| 23             | National Diabetes Services Scheme (NDSS)                                                                   |
| 24             | Diabetes NSW & ACT                                                                                         |

---

# Contents

| <b>Paksa</b> | <b>Pamagat</b>                                                                                                               |
|--------------|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|
|              | Panimulang Salita                                                                                                            |
|              | Introduksyon                                                                                                                 |
| 1            | Ano ang diyabetes?                                                                                                           |
| 2            | Mga Klase ng diyabetes                                                                                                       |
|              | Type 1 diyabetes                                                                                                             |
|              | Type 2 diyabetes                                                                                                             |
|              | Diyabetes sa pagbubuntis (gestational diabetes)                                                                              |
| 3            | Ang Mga Dahilan ng Peligro                                                                                                   |
| 4            | Ang Pangkat ng Pangkalusugang Pangangalaga sa Diyabetes                                                                      |
| 5            | Taunang Siklo ng Pangangalaga                                                                                                |
| 6            | Malusog na Pagkain sa may Diyabetes                                                                                          |
| 7            | Ano ang nasa pagkain?                                                                                                        |
| 8            | Mga karaniwang katanungan tungkol sa mga pagkain at diyabetes                                                                |
| 9            | Diyabetes at Alak                                                                                                            |
| 10           | Pisikal na Aktibidad                                                                                                         |
| 11           | Mga Iniinom na Gamot                                                                                                         |
| 12           | Insulin                                                                                                                      |
| 13           | Pagsusuri ng Glucose (Asukal) sa Dugo                                                                                        |
| 14           | Mga Pangmaikling Panahon na Komplikasyon – Hypoglycaemia                                                                     |
| 15           | Mga Pangmaikling panahong kumplikasyon – mataas ang lebel ng asukal (hyperglycaemia, DKA, HONK/HHS, at mga araw na maysakit) |
| 16           | Mga Palagiang kumplikasyon                                                                                                   |
| 17           | Diyabetes at inyong mga Paa                                                                                                  |
| 18           | Diyabetes at Pagbubuntis                                                                                                     |
| 19           | Diyabetes at inyong mga Emosyon                                                                                              |
| 20           | Diyabetes at Pagmamaneho                                                                                                     |
| 21           | Diyabetes at Pagbibiyahe                                                                                                     |
| 22           | Kailangan ng isang Interpreter?                                                                                              |
| 23           | Pambansang Pamamaraan sa Mga Serbisyong Pangdiyabetes (National Diabetes Services Scheme) (NDSS)                             |
| 24           | Konseho ng Diyabetes Australya (Diabetes NSW & ACT)                                                                          |

---

# Foreword

Diabetes –What you need to know has been written for people with diabetes and for people who would like to learn more about the condition.

Health professionals with skills and knowledge in a variety of specialised areas have contributed to the content and presentation.

This book has been reviewed by diabetes educators, dietitians and exercise physiologists.

## **Diabetes NSW & ACT**

ABN 84 001 363 766 CFN 12458

26 Arundel Street, Glebe, NSW 2037  
GPO Box 9824, Sydney, NSW 2001

email: [info@diabetesnsw.com.au](mailto:info@diabetesnsw.com.au) websites:  
[www.diabetesnsw.com.au](http://www.diabetesnsw.com.au)  
[www.as1diabetes.com.au.com.au](http://www.as1diabetes.com.au.com.au)

© 2012 Copyright Diabetes NSW & ACT

This article/ resource has copyright. Apart from any fair dealing for the purposes of private study, research, criticism or review permitted under the Copyright Act 1968, no part may be stored or reproduced by any process without prior written permission from Diabetes NSW & ACT.

---

## Paunang salita

Diyabetes –Ang dapat ninyong malaman ay isinulat para sa mga may diyabetes at sa mga gustong madagdagan ang kaalaman tungkol sa kalagayang ito.

Tumulong sa nilalaman at presentasyon nito ang mga pangkalusugang propesyonal na may mga kasanayan at kaalaman sa maraming mga lugar na pinagsanayan.

Ang aklat na ito ay sinuri ng mga guro sa diyabetes, daytisan at pisyolohista sa ehersisyo.

### **Diabetes NSW & ACT**

ABN 84 001 363 766 CFN 12458

26 Arundel Street, Glebe, NSW 2037  
GPO Box 9824, Sydney, NSW 2001

email: [info@diabetesnsw.com.au](mailto:info@diabetesnsw.com.au) websites:  
[www.diabetesnsw.com.au](http://www.diabetesnsw.com.au)  
[www.as1diabetes.com.au.com.au](http://www.as1diabetes.com.au.com.au)

© 2012 Copyright Diabetes NSW & ACT

Itong lathalain ay may karapatang malathala. Bukod sa anumang patas na pakikitungo para sa mga pakay ng pribadong pag-aaral, pananaliksik, kritisismo o pagrerepaso na pinapayagan sa ilalim ng Copyright Act ng 1968, hindi ito maaaring itago o ipagkalat sa anumang paraan na walang naunang nakasulat na kapahintulutan mula sa Konseho ng Diyabetes Australya (Diabetes NSW & ACT).

---

# Introduction

One in four people in Australia have either diabetes or are at high risk of diabetes. Diabetes prevalence is considerably higher in Aboriginal and Torres Strait Islander and certain culturally and linguistically diverse (CALD) groups.

So far there is no cure for diabetes but with proper management most people can lead a full and active life and delay or prevent long term complications. To ensure best possible health, people with diabetes and their families need to understand a great deal about diabetes.

Being diagnosed with diabetes can be frightening and overwhelming. It's a lot easier when you understand it and develop a lifestyle plan to manage it. For this reason it is very important to have information about food, medicines, exercise, community resources and diabetes self care.

This book has been produced by Diabetes NSW & ACT. It has been written in English and several other languages to explain what you need to know about diabetes.

---

# Introduksyon

Ang isa sa bawat apat katao sa Australya ay maaaring may diyabetes o malaki ang peligrong magkadiyabetes.

Ang paglaganap ng diyabetes ay lubhang marami sa mga Katutubo at Taga-isla ng Torres Strait at mga grupong nagkakaiba ng kultura at pananalita culturally and linguistically (CALD).

Sa tinagal ng panahon ay walang nakakagamot sa diyabetes subali't sa maayos na pangangasiwa, karamihang tao ay nabubuhay ng buo at aktibo at naaantala o naiiwasan ang mga pangmatagalang kumplikasyon. Para matiyak ang pagkakaroon ng pinakamahusay na kalusugan, dapat maintindihan ng mga may diyabetes at kapamilya ang maraming mga bagay tungkol sa diyabetes.

Ang malaman na may diyabetes ay nakakatakot at nakakagapi. Lalong madali kung naiintindihan ninyo ito at gumawa ng isang istilo ng pamumuhay para mapangasiwaan ito. Dahil ito, napakamahalagang malaman ang tungkol sa pagkain, mga gamot, ehersisyo, mga mapagkukunang tulong sa komunidad at ang pangangalaga mismo ng taong may diyabetes

Ang aklat na ito ay tinustusan ng Konseho ng Diyabetes Australya (Diabetes NSW & ACT). Isinulat ito sa Ingles at sa marami pang mga wika upang ipaliwanag kung ano ang dapat ninyong malaman tungkol sa diyabetes.

# 1

## What is diabetes?

Diabetes is a condition where the amount of glucose (sugar) in the blood is too high. Glucose is your body's main energy source but when blood glucose is too high over long periods it can damage certain organs.

Glucose comes from carbohydrate foods that are broken down and released into the bloodstream. Carbohydrate foods include bread, rice, potatoes, fruit and milk. The pancreas, a part of the body that is found behind the stomach, releases a hormone called insulin into the blood stream. Insulin allows the glucose to move from the blood stream into certain cells of the body, where it is changed into energy. We use this energy to walk, talk, think, and carry out many other activities.

Diabetes occurs when there is either no insulin, not enough insulin or the insulin that is produced is not working properly to move the glucose out of the blood. .

Currently there is no cure for diabetes.

### ***Symptoms of high blood glucose (sugar)***

1. Frequent urination (both night and day)
2. Thirst / dry mouth
3. Tiredness / lack of energy
4. Blurred vision
5. Slow healing of wounds
6. Infections e.g. urine and skin
7. Tingling sensation in feet
8. Itchy skin

# 2

## Types of diabetes

### ***The most common types of diabetes include:***

- Type 1 diabetes
- Type 2 diabetes
- Gestational Diabetes (GDM)

# 1

## Ano ang diyabetes?

Ang diyabetes ay isang kalagayang sobrang mataas ang asukal sa dugo.

Ang asukal ang pangunahing pinagkukunan ng enerhiya ng inyong katawan subali't kung ang asukal sa dugo (blood glucose) ay laging mataas sa matagal na panahon, nakakasira ito sa ilang mga bahagi ng katawan.

Ang asukal ay galing sa mga pagkaing karboidrato (carbohydrate) na tinunaw at isinama sa daluyan ng dugo (bloodstream). Kabilang sa mga pagkaing karboidrato ay tinapay, kanin, patatas, prutas at gatas.

Ang lapay (pancreas), isang sangkap ng katawan na nakapwesto sa likuran ng tiyan ay nagpapalabas ng isang "hormone" na ang tawag ay "insulin" patungo sa daluyan ng dugo. Ang insulin ang nagpapalakad sa asukal mula sa daluyan ng dugo tungo sa ilang mga selyula ng katawan, na ginagawa itong maging enerhiya. Ginagamit natin ang enerhiya para makalakad, makapagsalita, makapag-isip at gumawa ng maraming ibang mga aktibidad.

Nangyayari ang diyabetes kung walang insulin, kulang ang insulin o ang insulin na ginagawa ng katawan ay hindi gumagana ng maayos para mailabas ang asukal sa dugo.

Sa ngayon, walang panlunas sa diyabetes.

### ***Mga sintomas ng mataas ang glucose (asukal) sa dugo***

1. Madalas na pag-ihi (parehong gabi at araw)
2. Uhaw/ tuyo ang bibig
3. Pagkapagod/ kulang sa lakas (energy)
4. Nanlalabong paningin
5. Mabagal na paggaling ng mga sugat
6. Mga impeksyon, halimbawa: sa ihian at balat
7. Kinikiliti sa mga paa
8. Nangangati ang balat

# 2

## Mga Klase ng diyabetes

### ***Kabilang sa pinakakaraniwang mga klase ng diyabetes:***

- Type 1 diyabetes
- Type 2 diyabetes
- Diyabetes sa Pagbubuntis (GDM)

---

## Types of diabetes - continued

### Type 1 diabetes

This type of diabetes usually occurs in children and young people, but it can occur at any age. In type 1 diabetes the body's immune (defence) system has destroyed the cells that make insulin. As a result no insulin is produced by the pancreas. The development of type 1 diabetes is NOT linked to lifestyle e.g. eating too much sugar, not exercising enough or being overweight.

Symptoms of type 1 diabetes usually happen very quickly and include:

- Feeling very thirsty
- Passing a lot of urine frequently
- Sudden weight loss (despite normal or increased appetite)
- Tiredness
- Generally feeling unwell
- Abdominal pain, nausea and vomiting
- Mood changes.



If undetected, blood glucose levels become very high. When the body cannot get enough glucose from the blood to use as energy it will begin to breakdown fat. When the body is breaking down too much fat, ketones are produced. High ketone levels and high blood glucose levels are very serious and need immediate medical treatment.

If untreated, the person will become very ill and may develop:

- Rapid or deep breathing
- Dehydration and vomiting, leading to
- Coma.

The treatment for type 1 diabetes is insulin which must be commenced immediately and must be taken for life. The management of type 1 diabetes also includes:

- Balancing exercise, food and insulin
- Regular blood glucose monitoring
- Healthy lifestyle.

### Type 1 diyabetes

Itong klase ng diyabetes ay karaniwang nagaganap sa mga bata at kabataan, ngunit maaaring mangyari ito sa anumang edad.

Sa type 1 diyabetes, sinira na ng sistema ng naturalesa (pang-depensa) ang mga selyulang gumagawa ng insulin. Dahil dito, wala nang ginagawang insulin ang lapay (pancreas). Ang pagkakaroon ng type 1 diyabetes ay HINDI kaugnay sa istilo ng pamumuhay gaya ng: sobrang pagkain ng asukal, kulang sa pag-eehersisyo o sobra sa timbang.

Ang mga sintomas ng type 1 diyabetes ay malimit nangyayari kaagad at kabilang ang:

- Uhaw-na-uhaw na pakiramdam
- Madalas na pag-ihi ng marami
- Biglaang pagbaba ng timbang (kahit na normal o may ganang kumain)
- Pagkapagod
- Pangkalahatang maysakit na pakiramdam
- Pananakit sa dibdib, pagduduwal at pagsusuka
- Mga paiba-ibang emosyon (mood).



Kung hindi natutuklasan, tumataas ng husto ang lebel ng asukal sa dugo. Kung ang katawan ay hindi makagamit ng wastong dami ng asukal mula sa dugo para magamit na enerhiya (lakas), magsisimulang tunawin nito ang taba. Kapag nagtutunaw ang katawan ng sobrang daming taba, gumagawa nito ng mga 'ketone' ([hyperlink to hyperglycaemia and sick days](#)). Ang mataas na lebel ng 'ketone' at mataas na asukal sa dugo ay mga malulubhang kalagayan at kinakailangan ng dagliang paggamot.

Kung hindi gagamutin, ang tao ay magiging malubha at maaaring makaranas ng:

- Mabilis at malalim na paghinga
- Pagkakatuyo (dehydration) at pagsusuka na mauuwi sa
- Pagkawalang-malay ng matagalan (coma).

Kailangan ang insulin sa paggamot sa type 1 diyabetes at kailangang maumpisahan ito kaagad at gagamitin sa habang-buhay. Kabilang din sa pangangasiwa ng type 1 diyabetes ang:

- Eehersisyo ng pagbabalanse, mga pagkain at insulin
- Regular na pagtsi-tsek ng asukal sa dugo
- Malusog na pamumuhay.

### Type 2 diabetes

This type of diabetes is usually diagnosed in people over 40 years of age. However it is now being diagnosed in younger people, including children. Poor lifestyle choices are a major reason for this increase in young people .

Inactivity and poor food choices can result in weight gain, especially around the waist. This prevents the body from being able to use insulin properly (insulin resistance) so blood glucose levels rise. Type 2 diabetes has a slow onset.

Type 2 diabetes runs in families so children and grandchildren are at risk. The good news is that type 2 diabetes can be delayed or prevented when healthy lifestyle choices that focus on increasing physical activity, healthy food choices and weight loss are made. For this reason it is important to know your risk for type 2 diabetes.

Symptoms of type 2 diabetes may include frequent urination, thirst, blurred vision, skin infections, slow healing, tingling and numbness in the feet. Often, there are no symptoms present, or symptoms are not recognised.

Once diagnosed, it is very important to maintain good blood glucose (sugar) levels as soon as possible to avoid complications.

Management should begin with healthy food choices and regular physical activity. However, diabetes is a progressive disease and over time, oral medications and/or insulin may be needed.

### Type 2 diyabetes

Itong uri ng diyabetes ay karaniwang nasa mga taong may mahigit 40 ang edad. Subali't sa ngayon, may mga kabataan at bata na rin. Ang masasamang istilo ng pamumuhay ang dahilan sa pagdami ng may diyabetes sa mga kabataan.

Ang kakulangan ng aktibidad (activity) at mga di-tamang pagkain ang nagreresulta sa sobrang timbang, lalo na sa may baywang. Ito ang nagpipigil sa katawan na gumamit ng insulin (insulin resistance) kaya tumataas ang lebel ng asukal sa dugo. Mabagal sa pagsisimula ng type 2 diyabetes.

Ang type 2 diyabetes ay umiiral sa magkaka-pamilya, kaya ang mga anak at apo ay nasa panganib. Ang magandang balita ay matatagalan o maiiwasan ang pagkakaroon ng type 2 diyabetes kung ang istilo sa pamumuhay ay nakatutok sa maramihang pisikal na aktibidad, pagpili ng malulusog na pagkain at pagbabawas ng timbang. Dahil sa kadahilanang ito, mahalagang malaman ninyo ang inyong peligro sa pagkakaroon ng type 2 diyabetes.

Kabilang sa mga sintomas ng type 2 diyabetes ang madalas na pag-ihi, pagka-uhaw, malabong paningin, mga impeksyon sa balat, mabagal na paghilom ng sugat, pagkatutususok at pamamanhid ng mga paa. Kalimitan, walang nakikitang mga sintomas, o ang mga sintomas ay hindi napapansin.

Kapag nasuri nang mayroong diyabetes, napakamahalagang panatiliin kaagad ang tamang lebel ng asukal para maiwasan ang mga komplikasyon.

Umpisahan ang pangangasiwa sa pagpili ng malusog na pagkain at regular na pisikal na aktibidad. Dahil ang diyabetes ay isang sakit na sumusulong sa paglipas ng panahon, mga gamot na iinumina at/o insulin ay maaaring kakailanganin.

---

## Types of diabetes - continued

### Type 2 Management Plan

- Be physically active (e.g. walking) – aim for 30 minutes of moderate physical activity every day of the week. Check with you doctor first
- Adopt a healthy eating plan
- Lose weight or maintain a healthy weight
- Reduce salt intake
- Drink plenty of water
- See your diabetes health care team for regular health checks –, blood glucose levels, blood pressure, cholesterol, kidneys and nerve function, eyes and dental health
- Take care of your feet - check daily
- Stop smoking
- Regular dental care to avoid teeth and gum problems.

Encourage your family to adopt a healthy lifestyle



### Smoking and diabetes

Tobacco has many unhealthy effects, especially for people with diabetes. People with diabetes who smoke are three times more likely to die of heart disease or stroke than people with diabetes who do not smoke.

Smoking raises blood glucose levels, reduces the amount of oxygen reaching the body's tissues, increases fat levels in the blood, damages and constricts blood vessels and increases blood pressure. All of these contribute to the risk of heart attack and stroke. Smoking can also worsen blood supply to feet.

For those who quit smoking, more frequent monitoring of blood glucose levels is important. This is because blood glucose levels may get lower when they quit smoking and can require changes to medication doses.

It is advisable that people with diabetes discuss with their doctor, the products and services available to help them quit smoking.

## Mga Klase ng diyabetes - ipinagpatuloy

### Plano ng Pangangasiwa sa Type 2 diyabetes

- Maging pisikal na aktibo (bawat araw ng buong linggo. Alamin muna sa inyong doktor.
- Sumunod sa plano para sa malusog na pagkain
- Bawasan ang timbang o panatiliin ang malusog na timbang
- Bawasan ang paggamit ng asin
- Uminom ng maraming tubig
- Magtungo sa Pangkat sa Pangangalagang Pangkalusugan sa Diyabetes (Diabetes Health Care Group) para sa regular na pagpapasuri ng kalusugan, mga lebel ng asukal sa dugo, presyon ng dugo, kolesterol, paggana ng mga bato at ugat, mga mata at ngipin.
- Pangalagaan ang inyong mga paa – suriin ito araw-araw
- Itigil ang paninigarilyo
- Pangalagaang regular ang mga ngipin at gilagid upang maiwasang magkaproblema ang mga ito

Himukin ang inyong pamilya na ugaliin ang malusog na pamumuhay.



### Paninigarilyo at diyabetes

Ang paninigarilyo ay may maraming epektong hindi malusog, lalo na sa mga taong may sakit na diyabetes. Ang mga taong may diyabetes na naninigarilyo ay tatlong beses na maaaring mamatay sa sakit sa puso o maatake kumpara sa mga taong may diyabetes na hindi naninigarilyo.

Ang paninigarilyo ay nagpapataas sa lebel ng asukal sa dugo, nagbabawas sa dami ng oksihenong (oxygen) nakakarating sa mga kalamnan ng katawan, nagpapataas sa mga lebel ng taba sa dugo, nakakasira at nakakabara ng mga daanan ng dugo at nagpapataas ng presyon ng dugo. Ang lahat ng mga ito ay nagiging dahilan ng peligro sa atake at sakit sa puso. Ang paninigarilyo ay nagpapalala rin sa pagdaloy ng dugo sa paa.

Para sa mga tumigil ng paninigarilyo, mahalaga ang mas malimit na pag-‘monitor’ sa mga lebel ng asukal sa dugo. Ito ay dahil ang lebel ng asukal sa dugo ay bumababa kapag huminto sa paninigarilyo at mangangailangan ng pagpapabago sa dosis ng iniinom na gamot.

Ipinapayo sa mga may diyabetes na pag-usapan sa kanilang doktor, ang tungkol sa mga produkto at serbisyo na makakatulong sa pagpigil ng paninigarilyo.

### Gestational Diabetes

This type of diabetes occurs during pregnancy and usually goes away after the baby is born.

In pregnancy, the placenta produces hormones that help the baby to grow and develop. These hormones also block the action of the mother's insulin. As a result, the need for insulin in pregnancy is two to three times higher than normal. If the body is unable to produce enough insulin to meet this extra demand, gestational diabetes develops.

Screening for gestational diabetes occurs around the 24th to 28th week of pregnancy. Gestational diabetes may re-occur at the next pregnancy.

Blood glucose (sugar) levels that remain above target range may result in bigger babies, which can make birth more difficult. It can also increase the risk to the baby of developing diabetes in later life.



#### **What do you need to do if you have been diagnosed with gestational diabetes?**

It is necessary to see a diabetes educator, dietitian, endocrinologist and obstetrician. The management includes healthy eating for the mother, moderate exercise plus regular monitoring of blood glucose levels.

It is a good idea to have small frequent meals throughout the day that are nutritious for you and your baby, rather than three big meals. This will ease the insulin demand on the pancreas.

Those most at risk for developing gestational diabetes are:

- Women over 30 years of age
- Women with a family history of type 2 diabetes
- Women who are overweight
- Aboriginal or Torres Strait Islander women
- Certain ethnic groups, in particular Pacific Islanders, people from the Indian subcontinent and people of Asian origin
- Women who have had gestational diabetes during previous pregnancies.

Women who have had gestational diabetes are at increased risk of developing type 2 diabetes. It is strongly recommended to have a follow up Oral Glucose Tolerance Test 6-8 weeks after the baby is born, then every 1-2 years.

### Diyabetes sa pagbubuntis (gestational diabetes)

Itong uri ng diyabetes ay nangyayari habang buntis at karaniwang nawawala matapos maisilang ang bata.

Sa pagbubuntis, ang inunan (placenta) ay naglalabas ng mga hormon na tumutulong sa pagkabuo at paglaki ng sanggol. Ang mga hormon na ito ay nagpapatigil sa aksyon ng insulin ng ina. Nang dahil dito, ang pangangailangan ng insulin habang buntis ay dalawa hanggang tatlong beses na mas marami kaysa normal. Kung ang katawan ay hindi makagawa ng sapat na insulin para harapin ang dagdag na pangangailangan, nauuwi ito sa pagkakaroon ng diyabetes habang buntis.

Ang pagsusuri para sa diyabetes sa pagbubuntis ay ginagawa sa pagitan ng ika-24 hanggang ika-28 na linggo ng pagbubuntis. Maaaring mangyari ulit ang diyabetes sa pagbubuntis sa susunod na pagdadalanta.



Kung ang lebel ng asukal sa dugo ay mananatiling mas mataas kaysa sa tinatarget, magreresulta ito ng mas malaking sanggol at mas mahirap ang panganganak. Magpapataas din ito ng peligro sa sanggol na magkaroon ng diyabetes sa paglipas ng taon.

#### **Ano ang dapat ninyong gawin kung nalaman na kayo ay may diyabetes sa pagbubuntis?**

Kailangang makipagkita kayo sa guro ng diyabetes, 'dietitian', 'endocrinologist' at 'obstetrician'. Kabilang sa pangangasiwa ang malusog na pagkain para sa ina, katamtamang ehersisyo at ang regular na pag-monitor ng lebel ng asukal sa dugo.

Magandang ideya na kumain ng kaunti pero madalas at masustansya sa buong maghapon para sa ina at sanggol, kaysa sa tatlong malalaking kainan. Pinapagpapahinga nito ang pagkuha ng insulin mula sa atay.

Ang mga may peligrong magkaroon ng diyabetes sa pagbubuntis ay:

- Mga babaeng may mahigit 30 anyos ang edad.
- Mga babaeng may kasaysayan ng type 2 diyabetes sa pamilya.
- Mga babaeng sobra sa timbang.
- Mga babaeng Katutubo o taga-Isla ng Torres Strait.
- Ilan sa mga grupong etniko, lalo ang mga taga-Isla na nasa Pasipiko, mga taong mula sa India at mga taong nagmula sa Asya.
- Mga babaeng may diyabetes sa pagbubuntis noong nakaraan

Ang mga babaeng may diyabetes sa pagbubuntis ay posibleng magkaroon din ng type 2 diyabetes. Mahigpit na inirerekomenda na magpasuri ng Oral Glucose Tolerance Test, sa ika-6 hanggang ika-8 na linggo matapos ang panganganak at saka tuwing 1-2 taon.

# 3

## Risk Factors

Risk factors for developing type 2 diabetes include:

- Family history of diabetes
- Overweight and over 45 years of age
- Heart disease, heart attack or stroke
- High blood pressure and over 45 years of age
- Anyone over 55 years of age
- High blood cholesterol
- High blood glucose levels during pregnancy (gestational diabetes)
- Higher than normal blood glucose levels
- Aboriginal, Torres Strait Islander, Pacific Islanders, Indian sub-continent or Chinese cultural background
- Women with Polycystic Ovarian Syndrome.

The Australian Diabetes Risk Assessment Tool (AUSDRISK) should be used to identify your risk of developing type 2 diabetes. You can get this risk assessment tool from your doctor or from [www.health.gov.au](http://www.health.gov.au). Discuss your results with your doctor.

***Children and adolescents who are overweight, experiencing increased thirst, urinary frequency, tiredness and/or who may have a family history of diabetes should also be tested for diabetes.***

One of the main risk factors for developing diabetes is a family (hereditary) link. This means that if a person has diabetes, there is an increased risk that other members of their family (e.g. brother, sister, children, grandchildren) will develop diabetes.

Your family needs to be aware of the importance of a healthy lifestyle to delay or prevent type 2 diabetes. Regular physical activity and healthy food choices will help reduce the risk of developing type 2 diabetes.

### **PREVENTION - THE TIME TO ACT IS NOW**

People at high risk of type 2 diabetes should be tested by their doctor every year to check for the possible onset of diabetes.

# 3

## Ang Mga Dahilan ng Peligro

Kabilang sa mga Dahilan ng Peligro sa pagkakaroon ng type 2 diyabetes:

- may diyabetes sa mga kapamilya
- sobrang-timbang at mahigit sa 45 na taong gulang
- sakit sa puso at atake sa puso
- mataas na presyon ng dugo at mahigit 45 ang edad
- sinuman na mahigit 55 ang edad
- mataas ang kolesterol sa dugo
- mataas ang lebel ng asukal sa dugo habang buntis (gestational diabetes)
- mas mataas kaysa normal na lebel ng asukal sa dugo
- mga Katutubo, taga-Torres Strait, mga Pacific Islander, nasa India o Tsina ang kinagisnang kultura
- Mga babaeng may mga “cyst” sa bahay-itlog (Polycystic Ovarian Syndrome)

Ang Gamit sa Pagtasa ng Peligro sa Diyabetes ng Australya (Australian Diabetes Risk Assessment Tool) (AUSDRISK) ay gagamitin upang malaman kung may peligro kayo na magkaroon ng type 2 diyabetes. Makakuha nitong gamit sa pagsusuri mula sa inyong doktor o pagbisita sa [www.health.gov.au](http://www.health.gov.au). Pag-usapan sa inyong doktor ang mga resulta.

***Ang mga bata at kabataan na sobra sa timbang, na nakakaranas ng matinding uhaw, malimit na pag-ihing, pagkapagod at /o may kasaysayan ng sakit sa pamilya ay dapat ding magpasuri kung mayroong diyabetes.***

Ang isa sa pangunahing dahilan ng mga peligro sa pagkakaroon ng diyabetes ay may kaugnayan sa pamilya (namamana). Ibig sabihin nito na kung ang isang tao ay may diyabetes, mas malaki ang peligro ng mga kapamilya na magkaroon din ng diyabetes.

Kailangang naiintindihan ng inyong pamilya ang kahalagahan ng isang malusog na pamumuhay para maantala o mapigil ang type 2 diyabetes. Ang regular na pisikal na aktibidad at pagpili ng malulusog na pagkain ang makakatulong sa paghadlang sa pagkakaroon ng type 2 diyabetes.

### **PAGHADLANG – NGAYON NA ANG ORAS PARA KUMILOS**

Ang mga taong mataas ang peligrong magkaroon ng type 2 diyabetes ay dapat na magpasuri sa kanilang doktor bawat taon para i-tsek kung nandiyan na ang diyabetes.

# 4

## The Diabetes Health Care Team

Diabetes is a lifelong condition. Your health care team is available to support, advise and answer your questions.

The most important member of this team is you!

You are the one who will be at the centre of your diabetes management. Your family, friends and co-workers might also be part of your team.

The Diabetes Health Care Team includes:

- **Your family doctor** who looks after your diabetes and refers you to other health professionals as needed. Your family doctor is responsible for organising your diabetes tests.
- **An Endocrinologist** is a specialist in diabetes. Many people with type 1 diabetes see an endocrinologist. People with type 2 diabetes may see an endocrinologist if they are having

problems with their diabetes management or when insulin therapy is needed.

- **A Diabetes Educator** is usually a registered nurse who has done special training in diabetes. Educators can assist with teaching you about diabetes in many of the important areas such as blood glucose monitoring, medications, insulin, sick days, travel and stress.

- **A Dietitian** can answer questions about healthy eating for you and your family.

- **An Exercise Physiologist** can help to develop a physical activity plan suitable for you - regardless of age, ability or disability.

- **An Optometrist** will do a diabetes eye check and a vision check. Some people with diabetes need to see an Ophthalmologist, a doctor with special training in diseases and problems with the eye.

- **A Podiatrist** is a health professional who deals with the feet. Many podiatrists have advanced training in caring for the 'diabetic foot'.

- **A Dentist** will check your teeth and gums.

Sometimes people with diabetes have trouble coping with the day to day burden of their disease. **Social workers** and **psychologists** can help in this area. Your family doctor or diabetes educator can often refer you to these services.

Other specialists are sometimes needed. Children and adolescents with diabetes should see a **paediatric endocrinologist** or a **paediatrician**.

Women with diabetes who are planning a pregnancy, who are pregnant or women who develop gestational diabetes should see an **obstetrician** and endocrinologist. If complications of diabetes are present, referral to other health professionals may be required.

**Pharmacists** are also very important in your diabetes management. They have special knowledge of how medicines work and which medications may interact with each other.

Ask your doctor or diabetes health care team about any structured **diabetes education** classes/programs in your area. Diabetes education programs, either individual or as part of a group, will help you set some healthy lifestyle goals and assist you with managing your diabetes.



# 4

## Ang Pangkat ng Pangkalusugang Pangangalaga sa Diyabetes

Ang diyabetes ay isang habambuhay na karamdaman. Ang Pangkat ng Pangkalusugang Pangangalaga ay nakalaan upang makatulong, magpayo at masagot ang inyong mga katanungan.

**Kayo** ang pinakamahalagang miyembro ng pangkat na ito!

Kayo ang nasa sentro ng pangangasiwa sa diyabetes. Ang inyong pamilya, mga kaibigan at katrabaho ay maaari ding bahagi ng inyong pangkat.

Kabilang sa Pangkat ng Pangkalusugang Pangangalaga sa Diyabetes ang:

- **Ang doktor ng inyong pamilya** na siyang nagbabantay sa inyong diyabetes at isinasangguni kayo sa ibang mga propesyonal sa kalusugan kung kailangan. Ang inyong

pampamilyang doktor ang may tungkulin sa pag-aasikaso ng inyong mga pagsusuri sa diyabetes.

- **Isang 'endocrinologist'** na isang espesyalista sa diyabetes. Maraming mga may type 1 diyabetes ang nagpapatingin sa 'endocrinologist'. Ang mga may type 2 diyabetes ay kailangang magpatingin sa isang endocrinologist kung sila ay may mga problema sa pangangasiwa ng diyabetes o kailangan ang paggagamot ng insulin.
- **Isang Guro sa Diyabetes (Diabetes Educator)** na kalimitang ay isang rehistradong nars na may tanging pagsasanay sa diyabetes. Ang mga guro ay makakatulong sa pagtuturo tungkol sa diyabetes sa maraming mahahalagang gawain gaya ng pag-monitor ng asukal sa dugo, gamot, insulin, mga araw na maysakit, pagbibiyahe at pagkabalisa.
- **Isang 'Dietitian'** na makakasagot sa inyong mga tanong tungkol sa malulusog na pagkain para sa inyo at pamilya.
- **Isang 'Physiologist'** sa Ehersisyo na makakatulong sa pagbuo



ng plano sa pisikal na aktibidad na babagay sa inyo - anumang edad, kakayahan o kapansanan.

- **Isang 'Optometrist'** na gagawa ng pagsuri sa mata at paningin. Ang ilang mga taong may diyabetes ay kailangang magpatingin sa isang Ophthalmologist, isang doktor na may natatanging pagsasanay sa mga sakit at problema sa mata.
- **Isang 'Podiatrist'** na pangkalusugang propesyonal na namamahala sa mga paa. Maraming 'podiatrists' ang may dagdag na pagsasanay sa pangangalaga ng 'may-diyabetes na paa'.
- **Isang Dentista** na susuri ang inyong mga ngipin at gilagid.

Kung minsan, ang mga may diyabetes ay pinuproblema ang pang-araw-araw na kabigat ng kanilang karamdaman. Makakatulong ang mga '**social worker**' at '**psychologists**' ang usaping ito. Madalas kayong isasangguni ng inyong doktor o 'diabetes educator' sa mga serbisyong ito.

Kung minsan ay kailangan din ang iba pang mga espesyalista. Ang mga bata at kabataan na may diyabetes ay dapat magpatingin sa isang '**paediatric endocrinologist**' o isang '**paediatrician**'.

Ang mga kababaihan may diyabetes na nagpaplanong magbuntis, buntis na o nagkakaroon ng diyabetes sa pagbubuntis ay dapat magpatingin sa isang '**obstetrician**' at 'endocrinologist'. Kung may nakikitang mga komplikasyon, baka kailangan ang pagsangguni sa ibang mga propesyonal sa kalusugan.

Ang mga '**Pharmacist**' ay mahahalaga rin sa pangangasiwa ng inyong diyabetes. Mayroon silang natatanging kaalaman kung paano gumagana ang mga gamot at kung anong mga gamot ang hindi magkakasundo. Tanungin ang inyong doktor o ang Pangkat ng Pangkalusugang Pangangalaga sa Diyabetes tungkol sa anumang nakatatag nang mga klase/programa sa edukasyong pangdiyabetes sa inyong lugar. Ang mga programa sa edukasyong pangdiyabetes, pang-indibidwal man o bahagi ng grupo ay makakatulong sa pagpupuntirya ng malulusog ng istilo sa pamumuhay at makakatulong sa pangangasiwa ng inyong diyabetes.

# 5

## Annual Cycle of Care

### What regular health checks are recommended?

Regular health checks help to reduce your risk of developing diabetes complications.



### The recommended health checks are:

| What needs to be checked?                                                                                                                  | How often?                                                        | Who do you need to see?                    |
|--------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|-------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------|
| Blood pressure                                                                                                                             | Every visit to your doctor                                        | Your family doctor                         |
| Weight, height and waist circumference<br>Body Mass Index (BMI): if required – this helps determine if you have a problem with your weight | Every six months/ more often if required                          | Your family doctor                         |
| <u>Feet</u>                                                                                                                                | Daily self check and<br>Six monthly health professional checkups  | Podiatrist or family doctor                |
| <u>Kidneys</u> : a blood and urine test, to make sure your kidneys are working well                                                        | Once a year/ more often if required                               | Your family doctor                         |
| HbA1c: this blood test shows your average blood glucose level over the past 2 - 3 months                                                   | At least six monthly or more often if not on target               | Your family doctor                         |
| Lipids: blood fats                                                                                                                         | Once a year/ more often if required                               | Family doctor                              |
| <u>Eyes</u>                                                                                                                                | At diagnosis and at least every two years/ more often if required | Optometrist / Ophthalmologist              |
| <u>Healthy eating plan</u>                                                                                                                 | Once a year                                                       | Dietitian                                  |
| <u>Physical activity</u>                                                                                                                   | Once a year                                                       | Your family doctor / exercise physiologist |
| Medication                                                                                                                                 | Once a year/ more often if required                               | Your family doctor                         |
| Review self care education                                                                                                                 | Once a year                                                       | Diabetes educator                          |
| Review smoking status                                                                                                                      | Once a year                                                       | Your family doctor                         |

***Your family doctor, with the help of your health care team, should develop a care plan to manage your diabetes. This will allow you to access additional Medicare services for people with chronic conditions.***

# 5

## Taunang Siklo ng Pangangalaga

### Ano ang mga pagpapasuri sa kalusugan na inirerekomenda?

Ang regular na pagpapasuri sa kalusugan ay nakakatulong sa pagbawas ng peligrong magkaroon ng mga komplikasyon sa diyabetes.



**Ang mga rekomendadong pagpapasuri sa kalusugan ay :**

| Anong dapat suriin?                                                                                                                                                          | Gaano kadalas?                                                                        | Kanino dapat magpatingin?                        |
|------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------------|---------------------------------------------------------------------------------------|--------------------------------------------------|
| Presyon ng dugo                                                                                                                                                              | Tuwing bumisita sa doktor                                                             | Doktor ng pamilya                                |
| Kabigat, katangkad at kalaki ng baywang<br>Sukatan sa Kalaki ng Katawan (Body Mass Index) (BMI): kung kailangan—tulong ito sa pagtutukoy kung may problema sa inyong timbang | Tuwing anim na buwan/ mas madalas kung kailangan                                      | Doktor ng pamilya                                |
| <u>Mga Paa</u>                                                                                                                                                               | Araw-araw na pagsusuri ng sarili at bawat anim na buwan sa pangkalusugang propesyonal | 'Podiatrist' o doktor ng pamilya                 |
| <u>Mga Bato</u> : pagpasuri ng dugo at ihi, para matiyak na gumagana ng mabuti ang inyong mga bato                                                                           | Minsan sa bawat taon/ mas madalas kung kailangan                                      | Doktor ng pamilya                                |
| HbA1c: itong pagsuri sa dugo ay magpapakita ng inyong karaniwang lebel ng asukal sa dugo sa mga nagdaang 2 - 3 buwan                                                         | Mababa na ang tuwing anim na buwan o mas madalas kung hindi napupuntirya ang pakay    | Doktor ng pamilya                                |
| Lipids: mga taba sa dugo                                                                                                                                                     | Isa bawat taon/ mas madalas kung kailangan                                            | Doktor ng pamilya                                |
| <u>Mga mata</u>                                                                                                                                                              | Sa pagdiagnosis at mababa na sa tuwing dalawang taon/mas madalas kung kailangan       | Optometrist/ Ophthalmologist                     |
| <u>Plano sa malusog na pagkain</u>                                                                                                                                           | Isa bawat taon                                                                        | Dietitian                                        |
| <u>Pisikal na aktibidad</u>                                                                                                                                                  | Isa bawat taon                                                                        | Doktor ng pamilya/ physiologist sa ehersisyo     |
| Gamot                                                                                                                                                                        | Isa bawat taon / mas madalas kung kailangan                                           | Doktor ng pamilya                                |
| Repaso ng edukasyon sa sariling pangangalaga                                                                                                                                 | Isa bawat taon                                                                        | Tagapagturo sa may diyabetes (Diabetes educator) |
| Repaso ng kalagayan sa paninigarilyo                                                                                                                                         | Isa bawat taon                                                                        | Doktor ng pamilya                                |

**Ang inyong doktor ng pamilya at sa tulong ng pangkat sa pangkalusugang pangangalaga ay dapat gumawa ng plano sa pangangasiwa ng inyong diyabetes. Magpapahintulot nito sa inyo na magamit ang karagdagang mga serbisyo ng Medicare para sa mga may palagiang kararamdaman.**

# 6

## Healthy eating for diabetes

Eating does more than just provide food and building materials for the body. Eating is a pleasurable and social experience.


Diabetes should not stop you from enjoying food and eating with friends and family. You can still enjoy special occasions such as family, social, school and religious festivals. Tell your dietitian, diabetes educator and doctor what you eat and when. Your food and diabetes medications can be adapted to suit your lifestyle and normal family routine. However you may need to make changes to your eating habits to keep your diabetes under control and stay healthy.

### Why is healthy eating important?

A healthy diet is one of the most important parts of diabetes management.

Eating well can help to manage your blood glucose (sugar) levels, cholesterol and blood pressure. Eating well can also help you to maintain a healthy body weight. Being overweight makes it harder to manage your diabetes. It is therefore important to have a healthy diet to help you lose excess weight and improve your diabetes management.

It is important that any dietary advice is tailored to your needs. That is where your dietitian is helpful.



# 6

## Malusog na Pagkain sa may Diyabetes

Ang kumain ay hindi lang sa pagbibigay ng mga kakainin at kakailanganin sustansya ng katawan. Ang kumain ay isang nakasisiya at sosyal na karanasan.


Hindi kayo dapat patigilin ng diyabetes sa pagtatamasa ng pagkain at makikisama sa mga kainan ng mga kapamilya at kaibigan. Dapat patuloy kayong masiyahan sa mga espesyal na okasyon tulad ng pampamilya, sosyalan, pistahan sa mga paaralan at simbahan. Sabihin niyo sa inyong 'dietitian, diabetes educator' at doktor kung ano ang inyong kinain at kailan. Ang inyong kinakain at gamot sa diyabetes ay mai-babagay sa inyong pamumuhay at normal na ginagawa sa pamilya. Datapwa't, kinakailangan ninyong magsagawa ng mga pagbabago sa ugali sa pagkain upang makontrol ang inyong diyabetes at manatiling malusog.

### Bakit mahalaga ang malusog na pagkain?

Ang isang malusog na diyeta ay isang mahalagang bahagi sa pangangasiwa ng diyabetes.

Ang tamang pagkain ay makatutulong sa pangangasiwa ng lebel ng inyong asukal sa dugo, kolesterol at presyon ng dugo. Ang tamng pagkain ay makakatulong din sa pananatili ng tamang timbang ng katawan. Ang pagiging sobrang-timbang ay magiging mas mahirap bninyong pangasiwaan ang diyabetes. Kaya mahalaga na magkaroon ng malusog na diyeta upang tulungan kayong magbawas ng labis na timbang at mapahusay ang pangangasiwa sa diyabetes.

Mahalagang ang anumang payo sa inyong diyeta ay sang-ayon sa inyong pangangailangan. Diyan nakakatulong ang 'dietitian' sa inyo.



### **What is healthy eating for diabetes?**

Healthy eating for diabetes is the same as healthy eating for everyone. A healthy eating pattern encourages:

- High fibre cereals including wholegrain breakfast cereals, wholemeal or grainy breads, wholemeal pasta and brown rice.
- Two serves of fruit and five or more serves of vegetables every day. Include legumes such as mung beans, baked beans, white beans, kidney beans, lentils, chickpeas and split peas.
- One to two serves of lean meat, fish, skinless poultry or alternatives each day. Alternatives include legumes, eggs, tofu, nuts and seeds.
- Dairy foods (e.g. milk, cheese and yoghurt) that are low fat or skim for everyone over the age of two. Soy products fortified with calcium are a good alternative for those who cannot have dairy.
- Limit saturated fat (e.g. butter, palm oil, cream and pastries).
- Have a low–moderate fat intake.
- Avoid adding salt to food. Choose low salt or reduced salt foods. Limit salty foods such as salted fish, salted eggs and cured meat.
- Eat only moderate amounts of sugars and limit or avoid foods high in added sugars (e.g. fruit pies, Filipino style fruit salads, and sweetened pastries).
- Drink plenty of water.
- If you drink alcohol, limit your intake to 2 standard drinks a day. It will also be a good idea to include alcohol free days each week.

### **How can I keep my blood glucose (sugar) levels in the healthy range?**

It is very important that people with diabetes aim to keep their blood glucose levels in target range with regular physical activity, healthy eating and appropriate treatment (medications and/or insulin if required).

You can help to do this by spreading your food intake out over the day, not overdoing your serve sizes and choosing mostly high fibre, low fat and lower glycemic index carbohydrates.

Regular reviews with your dietitian are important to help you get the balance right between your blood glucose levels, the food you eat, exercise and your diabetes medication, if you take them. A dietitian may suggest you make changes to the types of food you eat and how much you eat to help keep you healthy. Your dietitian will try to work within the foods and cooking methods that you traditionally use.

### Ano ang malusog na pagkain para sa may diyabetes?

Ang malusog na pagkain para sa may diyabetes ay katulad rin ng malusog na pagkain sa lahat. Ang padron sa isang malusog na pagkain ay naghihimok ng:

- Mga seryal (cereals) na may maraming himaymay, kabilang dito ang pang-agahan na buong util na seryal, wholemeal o tinapay na mabutil, wholemeal pasta at kayumangging bigas.
- Dalawang hain ng prutas at lima o higit pang mga hain ng gulay araw-araw. Isali ang gulay-buto (legumes) gaya ng munggo, hinurnong mga butil, puting beans, kidney beans, lentilas, gisantes at kadyos.
- Isa o dalawang hain ng di-matabang karne, isda, naalis-balat na karne ng manok o ibang kapalit bawat araw. Ang mga kapalit ay gulay-buto (legumes), itlog, tofu, mga nuwes at butil.
- Mga pagkaing may gatas (halimbawa: gatas, keso at taho) na may mababang taba o 'skim' para sa lahat ng lagpas sa edad na dalawang taon. Mga produktong soya na pinalakas ng kalsyum ay mahusay pampalit sa mga hindi makagamit ng may-gatas.
- Limitadong binabad sa taba (halimbawa: mantikilya, langis palma, krema at mga pastelerya).
- Kumain ng kaunting taba lamang.
- Iwasan ang pagdaragdag ng asin sa pagkain. Piliin ang mababa sa asin o bawas sa asin na mga pagkain. Limitahan ang mga maaalat na mga pagkain gaya ng inasinang isda, inasinang itlog at tinimplahang karne.
- Kumain lang ng katamtamang dami ng asukal at limitahan o iwasan ang mga pagkaing may dagdag na matamis (halimbawa: 'Pie' na prutas, istilong Filipino na 'fruit-salad' at matatamis na pasteleryas).
- Uminom ng maraming tubig.
- Kung umiinom kayo ng alak, limitahan sa 2 sukat sa isang araw. Maganda ring ideya na may mga araw na walang alak.

### Paano ko mapapanatiling nasa malusog na lebel ang aking asukal sa dugo?

Mahalaga sa mga may diyabetes ang regular na pisikal na aktibidad upang mapanatili sa lebel ang kanilang asukal sa dugo, malusog na pagkain at nababagay na paggagamot (mga gamot at /o insulin kung kailangan). (Sumangguni sa Kabanata 13 tungkol sa Pagmonitor ng Asukal sa Dugo. (Add hyperlink to 'blood glucose targets')

Magagawa ito sa pamamagitan ng pagkakalat ang inyong pagkain sa buong maghapon, hindi pinadadami ang kakainin at pipiliin ang mga mahihibla, mababa sa taba at mas mababang sukat ng mga karboidratong kakanin ([glycemic index carbohydrates](#)).

Ang mga regular na pagtatasa ng inyong dietitian ay mahalaga para matulungan kayong magakaroon ng tamang pagbalanse ng mga lebel ng asukal sa dugo, ang inyong mga kinakain, ehersisyo at inyong mga gamot sa diyabetes, kung umiinom kayo. Ang 'dietitian' ay maaaring magmungkahi ng pagbabago sa inyong mga kinakain at kung gaano kadami ang kakainin para manatili kayong malusog. Sisikapin ng inyong 'dietitian' na ibagay ang mga pagkain at paraan ng pagluluto na inyo nang kinagawiang ginagamit.

# 7

## What's in food?

### ***You may have heard about:***

- Carbohydrates
- Fibre
- Protein
- Fat
- Vitamins and Minerals.

These are called nutrients and they help your body to work properly and stay healthy. A nutrient is a substance found in food. You can find more information on each of these nutrients below.

### **Carbohydrates**

Carbohydrates are the best energy source for your body. When they are eaten they breakdown to form glucose in the bloodstream. Eating regular meals and spreading your carbohydrate foods evenly over the day can help to maintain your energy levels without causing blood glucose levels to go too high or too low.

### ***Carbohydrate foods include:***

- Cereals and breads (e.g. rice, pancit (noodles), monay (dense bread) and pandesal (small bread roll), suman (sticky rice) and pasta)
- Milk and yoghurt (e.g. kesong puti (white cheese))
- Fruit (e.g. banana, mango, pineapple and Calamansi).
- Starchy vegetables and legumes (e.g. taro, cassava, potatoes, sweet potatoes, mung beans and corn).
- Sugar and sugary foods (e.g. champorado (chocolate rice porridge), leche flan (Filipino custard), ensaymada (sweet muffin), merengue and soft drink).

Most of these foods, except sugar and sugary foods, also provide other important nutrients to help keep you healthy. It is important to include these foods every day.

Eating a large serve of carbohydrate (e.g. a large plate of rice or noodles) may cause your blood glucose levels to rise too high. Also, eating too much food all the time, even if it is healthy food, will cause you to put on weight. Being overweight makes it harder to manage your blood glucose levels.

As everyone is different, talk to your dietitian about the amount of carbohydrate food you need to eat.

Sometimes testing your blood glucose level two hours after a meal can help you to work out if you ate too much carbohydrate at a meal. If this happens a lot speak to your dietitian or diabetes educator who can give you advice on what to do. Cutting down carbohydrates is not always the answer.

### **Glycemic Index**

All carbohydrate foods will breakdown to form glucose. Some carbohydrates break down to glucose fast and some break down slowly. The Glycemic Index (GI) is a way of measuring how fast or slow a carbohydrate food affects blood glucose levels.

## Ano ang nasa pagkain?

### ***Maaaring narinig ninyo na ang tungkol sa:***

- Mga Karboidrato (Carbohydrates)
- Himaymay (Fibre)
- Protina
- Taba (Fat)
- Mga Bitamina at Mineral.

Ang tawag sa mga ito ay mga sustansya (nutrients) at tumutulong itong mapanatiliing mahusay ang takbo ng katawan at maging malusog. Ang sustansya ay nilalaman ng pagkain. Makikita ninyo sa ibaba ang karagdagang impormasyon tungkol sa bawat sustansya.

### **Mga Karboidrato (Carbohydrates)**

Ang mga karboidrato ang pinamahasay na pinagkukunan ng lakas (energy) para sa inyong katawan. Kapag kinain na ang mga ito, natutunaw ito para maging asukal sa daluyan ng dugo. Ang pagkain ng regular na mga kain at ikakalat ang kinakaing mga karboidrato sa maghapon ay makakatulong sa pagpapanatili ng inyong mga lebel ng enerhiya na hindi masyadong nagpapataas o nagpapababa ng mga lebel ng asukal sa dugo.

### ***Kabilang sa mga pagkaing Karboidrato (Carbohydrate):***

- Mga seryal at tinapay (halimbawa: kanin, pansit (noodles), monay (dense bread) at pandesal (small bread roll), suman (sticky rice) at pasta)
- Gatas at yoghurt (halimbawa: kesong puti (white cheese))
- Prutas (halimbawa: saging, mangga, pinya at Calamansi).
- Mga may-'gawgaw' na gulay at gulay-buto (legumes) (halimbawa: gabi (taro), kamoteng kahoy (cassava), patatas, kamote (sweet potato), munggo at mais).
- Asukal at maasukal na mga pagkain (halimbawa: champorado (chocolate rice porridge), leche flan (Filipino custard), ensaymada (sweet muffin), merengue at inuming kola).

Karamihan sa mga pagkain na ito, mapwera ang asukal ay maasukal na mga pagkain, ay nagbibigay din ng ibang mahalagang mga sustansya para mapanatiling maging malusog kayo. Mahalagang isali ang mga pagkaing ito sa araw-araw.

Magpapataas ng husto sa lebel ng asukal sa dugo ang pagkain ng malaking hain ng karboidrato (halimbawa, malaking plato ng kanin o pansit). Pati na, ang palaging kumakain, kahit na ito malulusog ay magpapataba sa inyo. Lalong mahirap pangasiwaan ang lebel ng asukal sa dugo kung sobra kayo sa timbang.

Dahil hindi pare-parehas ng pangangailangan ng tao, kausapin ang inyong dietitian tungkol sa dami ng karboidrato na nararapat sa inyo.

Kung minsan, ang pagsuri ng lebel ng inyong asukal sa dugo makalipas ang dalawang oras pagkakain ay nakakatulong sa inyo na masukat kung napasobra ang inyong kinain na karboidrato. Kung madalas itong nangyayari, kausapin ang inyong dietitian o 'diabetes educator' upang makapagpayo kung ano ang gagawin. Ang pagbawas ng karboidrato ay hindi palaging kasagutan nito.

### **Sukat ng epekto ng asukal sa dugo (Glycemic Index) (GI)**

Ang lahat ng mga kakaning karboidrato ay matutunaw para maging asukal. Ang ilang mga karboidrato ay mabilis matunaw habang ang iba ay mabagal.

---

## What's in food? - *continued*

Low glycemic index foods raise your blood glucose levels more slowly than high glycemic index foods. Eating mostly low glycemic index foods may help people with diabetes to reduce average blood glucose levels, lower blood fats and raise healthy cholesterol. They may also help you feel fuller for longer which may help with weight control. It is still important to not overdo your serve sizes.

Not all low glycemic index foods are healthy. You still need to consider if the food fits into the healthy eating recommendations listed earlier. Try to eat mostly high fibre low fat and lower glycemic index foods. Including a lower glycemic index food at every meal is a good start.

Some healthy low glycemic index foods include legumes (e.g. mung beans and lentils), pasta, wholegrain cereals (oats), sweet corn, low fat milk and yoghurt, most fruit (e.g. green plantain and mango) and many high fibre grainy breads.

Rice is usually a high glycemic index food esp. sticky rice/glutinous rice and jasmine rice. However, there are some varieties of rice that have a lower glycemic index. These include Basmati rice and Doongara rice.

### What about sugar?

Sugar is also a carbohydrate. Eating small amounts of sugar will not affect your diabetes, e.g. 1-2 teaspoons of sugar in your cup of tea or a thin spread of jam on your toast.

Some foods that contain sugar are also healthy foods. For example fruit and milk naturally contain sugar. Other healthy foods have had small amounts of sugar added to them (e.g. some high fibre breakfast cereals and yoghurts). We know these foods are good for us so we can include them in our diet.

However eating or drinking large amounts of foods that are very high in sugar (e.g. latik (coco jam), powdered fruit flavoured juice, and soft drink) can cause your blood glucose levels to rise too high. They can also cause you to put on weight. These foods are best eaten in small amounts. Choose diet soft drinks and cordials instead of standard varieties.

If you are using sugar in recipes, think about how much sugar you will end up eating. If the recipe is very high in sugar and you will be having a large serve, try reducing the amount of sugar, have a smaller serve or replace some of the sugar with an alternative sweetener. Try to choose recipes that are low in fat (particularly saturated fat) and contain some fibre.

### Fibre

Fibre is important for everyone, including people with diabetes. Fibre can help keep your digestive system healthy and prevent constipation.

Fibre is also very useful for people with diabetes. It can help to lower "bad" cholesterol which helps to keep your heart healthy. Also many foods that are high in fibre have a low glycemic index. This is because some types of fibre can slow down digestion of the food. Eating foods high in fibre can also keep you feeling fuller for longer so may help with weight control.

---

## Ano ang nasa pagkain? - ipinagpatuloy

Ang 'Glycemic Index' (GI) ay isang paraan ng pagsusukat kung gaano kabilis o kabagal ang kakain ng karboidrato na mag-aapekto sa mga lebel ng asukal sa dugo.

Ang mga pagkaing may mababang 'glycemic index' ay mas mabagal magpataas sa lebel ng inyong asukal sa dugo kaysa sa mga pagkaing may mataas na 'glycemic index'. Ang mga pagkaing may mababang 'glycemic index' ay maaaring makatulong sa mga may diyabetes upang mapababa ang mga lebel ng asukal sa dugo, ang taba sa dugo at pataasin ang malulusog na kolesterol. Makatulong din ito na patagalin ang pakiramdam na busog at sa pagkontrol sa timbang. Mahalaga pa rin na huwag sumobra sa mga dami ng hain.

Hindi lahat ng mga pagkaing mababa sa 'glycemic index' ay nakakalusog. Kailangan pa rin ninyong tingnan kung bagay ang malusog na pagkaing inirerekomenda. Sikaping kumain ng mga may mataas na himaymay, mababa sa taba at mababang 'glycemic index'. Ang pagsama ng isang mga pagkaing may mababa ng 'glycemic index' sa bawat kainan ay isang magandang pagsisimula.

Ang ilang malusog na mga pagkaing mababa ang 'glycemic index' ay legumes (halimbawa: munggo at lentils), pasta, seryal na wholegrain (oats), matamis na mais, mababa sa taba na gatas at taho, karamihan sa prutas (halimbawa: berdeng plantain at mangga) at maraming mga tinapay na may mga butil na mataas ang himaymay.

Ang kanin ay kalimitang pagkaing mataas ang 'glycemic index' lalo na ang kaning malagkit/ glutinous na bigas at jasmine. Datapwa't, may ilang mga kaibang mga bigas na may mababang glycemic index. Kabilang dito ang bigas na Basmati at Doongara.

### Ano naman ang asukal?

Ang asukal ay isa ring karboidrato. Ang pagkain ng konting asukal ay hindi makaka-apekto sa inyong diyabetes, halimbawa: 1-2 kutsaritang asukal sa isang tasang kape o tsaa o manipis na pahid ng jam sa inyong tinapay.

Ang ilang mga kakanin na may asukal ay mga pagkaing nakakalusog. Halimbawa ang prutas at gatas ay natural na may asukal. Ang iba pang kakaning nakakalusog ay may kaunting asukal na idinagdag dito (halimbawa: ang ilang mataas na himaymay na pang-almusal na mga cereal at taho). Alam nating ang mga pagkaing ito ay mabuti sa katawan kaya maaari nating isama sa ating diyeta.

Datapwa't kung kakain at iinom ng maraming mga kakaning masyadong mataas sa asukal (halimbawa: latik (coco jam), tinitimplang lasang-prutas na katas at inuming kola) ay magpapataas ng husto sa mga lebel ng inyong asukal sa dugo. Patatabain din kayo nito. Ang mga pagkaing ito ay pinakamabuting kainin ng tig-kakaunti lamang. Piliin ang mga diet na kola at kordyal kaysa sa mga katamtamang mga katulad na inumin.

Kung gumagamit kayo ng asukal sa pagluluto, isipin kung gaano karaming asukal ang inyong makakain. Kung ang resipe ay napakataas sa asukal at kayo ay kakain ng marami, subukang bawasan ang timpla ng asukal, maghain ng maliit o palitan ang asukal ng mga panghaliling pampatamis. Subukang piliin ang mga resipeng mababa sa taba (lalo na ang ibinabad sa taba) at may mga ilang himaymay.

### Himaymay (Fibre)

Ang himaymay ay mahalaga para sa lahat, pati sa mga may diyabetes. Ang himaymay ay magpapanatiling malusog sa sistema ng panunaw at tumutulong sa may kahirapang tumae.

Ang himaymay ay napakahusay para sa mga may diyabetes. Makakatulong itong magpababa sa "masamang" kolesterol kaya nakakatulong sa pagpapalusog ng inyong puso. At ang mga pagkaing may mataas na mga himaymay ay may mababang 'glycemic index'.

---

## What's in food? - *continued*

High fibre foods include whole fruits (not juice), vegetables, legumes (e.g. mung beans), nuts and seeds, grainy and wholemeal breads and high fibre cereals.

### **Fat**


Fat is an essential nutrient. However many of us eat too much fat or eat the wrong types of fat.

Fat is high in kilojoules. Eating too much fat can cause you to put on weight or make it harder for you to lose weight.

Some fats (saturated fats and trans fats) can increase your risk of heart disease and make it harder to manage your diabetes. Avoid these types of fats (e.g. coconut oil, lard, butter, palm oil, full fat dairy foods, fatty meats and fried foods).

Polyunsaturated fats (e.g. oily fish, safflower and sunflower oils) and monounsaturated fats (e.g. avocado, canola and olive oils) can help reduce your risk of heart disease. They are better choices than saturated fat. Both of these fats have benefits for your health so vary between them. These fats are still high in kilojoules, so if you are overweight, eat them in moderation.

To help you get the right type of fat and avoid eating too much fat;



### **Choose:**

- Meat trimmed of fat or lean meats (e.g. goats meat)
- Chicken trimmed of fat and skin
- Low fat cooking methods such as boiling, barbequing, grilling, dry frying, baking, steaming or poaching
- Low fat dairy foods
- To eat more fish including oily fish (e.g. tuna, salmon, mackerel, herring, sardines)
- Olive, canola, sesame, peanut, corn, safflower or sunflower oils for cooking, marinades and dressing
- Margarines made from olive, canola, safflower or sunflower oils
- Alternatively, use a plant sterol enriched margarine (i.e. Proactive™ and Logicol™), but speak to your dietitian and/or doctor about it before you decide to use it
- To include small amounts of avocado, unsalted nuts and seeds in your diet
- Fresh lumpia (spring rolls) instead of fried lumpia
- To cook with light evaporated milk with coconut essence or Carnation™ light and creamy coconut flavoured evaporated milk rather than coconut milk

---

## Ano ang nasa pagkain? - ipinagpatuloy

Ito ay dahil may ilang uri ng himaymay ay magpapabagal sa pagtunaw ng pagkain. Ang pagkain ng mga kakaning mataas sa himaymay ay magpapatagal sa busog na pakiramdam kaya makakatulong ito sa pagkontrol ng timbang.

Kabilang sa mga pagkaing mataas sa himaymay ay mga buong prutas (hindi katas), mga gulay, butong gulay (halimbawa: munggo), nuwes at mga butil, mga tinapay na may buo at maraming butil at seryal na may maraming himaymay.

### **Taba (Fat)**

Ang taba ay isang kinakailangang sustansya. Ngunit marami sa atin ang kumakain ng sobrang dami at mga maling uri ng taba.

Ang taba ay mataas sa kilojoules (calorie). Nakakataba ang kumain ng sobrang daming taba at magpapahirap ito sa inyo na magbawas ng timbang.

Ang ilang mga taba (saturated fats at trans fats) ay magpapataas sa peligro ng sakit sa puso at magpapahirap ng pangasiwaan ang inyong diyabetes. Iwasan ang ganitong mga taba (halimbawa: mantika ng niyog, mantika, mantikilya, mantika ng palma, buong taba na mga kakaning may gatas, mga karneng may taba at pritong pagkain).

Mga tabang polyunsaturated (halimbawa: isdang malangis, mga lana ng safflower at sunflower) at mga taba na mono-unsaturated (halimbawa: mga lana ng avocado, canola at olibo) makakatulong sa pagbawas sa peligro ng sakit sa puso. Mas mahusay na piliin ang mga ito kaysa sa taba na 'saturated'. Itong dalawang uri ng taba ay nagbibigay benepisyo sa inyong kalusugan kaya ipagpalit-palitan ang paggamit sa kanila. Ang mga tabang ito ay mataas pa rin sa mga kilojoule, kaya kung kayo ay sobra sa timbang, kumain lamang ng katamtaman.

Para matulungan kayong makuha ang tamang klase ng taba at maiwasan ang pagkain ng sobrang taba;

### **Piliin:**

- Karneng inalisan ng taba o mga karneng walang taba (halimbawa: karne ng kambing)
- Manok na inalisan ng taba at balat
- Kaunting gamit ng taba sa pagluluto gaya ng pagpapakulo, pag-barbeque, pag-iihaw, tuyong pagpiprito, paghurno, pinasingaw o luto sa kumukulong tubig (poaching)
- Mga pagkaing may gatas na mababa sa taba
- Kumain ng mas maraming isda kabilang ang malangis na isda (halimbawa: tuna, salmon, mackerel, tamban (herring), sardinas)
- Mga lana ng olibo, canola, sesame, mani, mais, safflower o sunflower para sa pagluluto, pambabad at pantimpla
- Mga margarinang gawa sa mga lana ng oliba, canola, safflower o sunflower.
- Bilang kapalit, gumamit ng margarinang may plant sterol (halimbawa: Proactive™ at Logicol™), ngunit kausapin ang inyong 'dietitian' at /o doktor tungkol dito bago kayo magdesisyon.
- Isama sa pagkain ang kaunting avocado, walang asin na nuwes at mga butil
- Sariwang lumpia sa halip na pritong lumpia (spring rolls)
- Gamitin sa pagluluto ang malabnaw na gatas ebaporada na may pabangong niyog o Carnation™ light at gatas ebaporada na pinalasa ng makremang niyog kaysa gata ng niyog



**Avoid/Limit:**

- Fatty or processed meats (e.g. lechon de leche (charcoal-roasted suckling pig), longganisa (Phillipine sausage), tapa (cured beef), and untrimmed meats)
- Offal meat and skin of poultry (e.g. fried pork rinds, chink (chicken skin) and chibab (pig intestine))
- High fat cooking methods such as frying or roasting in fat
- Full fat dairy foods
- Butter, palm oil, lard, vegetable shortening, coconut oil, coconut milk and coconut cream
- Fried foods (e.g. Ukoy (fried fritter of shrimp and bean sprouts), crispy pata (deep-fried pig's leg), fried fish and battered vegetables)
- Cakes (e.g. ensaymada and Sans Rival), pastries (e.g. hopia (pastries with sweet bean paste) and pandesal), biscuits, crisps and high fat crackers
- Limit the portion size for the avocado drink or snack

**Protein**

Protein is essential to your body everyday to repair old or damaged parts. Most people living in Australia already eat enough protein and do not need to eat more.

Choose protein foods that are also low in fat. Foods that are a good source of low fat protein are lean meat, poultry without the skin, fish and seafood, eggs, low fat dairy products, unsalted nuts, legumes (mung beans, dried beans, dried peas and lentils) and soy products such as tofu.

Speak to your dietitian if you are not sure if you are eating enough protein.

**Vitamins and minerals**

Vitamins and minerals are important for a healthy body. Eating a wide variety of foods from all five food groups will help you get all the vitamins and minerals your body needs.

The food groups are:

- Breads and cereals
- Vegetables
- Fruit
- Dairy foods
- Meat or meat alternatives (e.g. poultry, seafood, eggs, legumes, nuts and seeds).

---

## Ano ang nasa pagkain? - ipinagpatuloy

### ***Lwasan/Limitahan:***

- Mga karneng may taba o naproseso (hal. lechon de leche (charcoal-roasted suckling pig), longganisa (Philippine sausage), tapa (cured beef), at may-tabang mga karne (untrimmed meats)
- Lamang-tiyan na mga karne at balat ng karneng manok (halimbawa: chicharong-baboy (fried pork rinds), chink (chicken skin) at chibab (pig intestine)
- Mamantikang sistema sa pagluluto gaya ng pagpiprito or pag-iihaw sa mantika
- Mga kakaning may gatas na kasama ang taba
- Mantikilya, lanang palma, mantika, 'vegetable shortening', mantika sa niyog, gata ng niyog at krema ng niyog
- Mga pagkaing pinirito (halimbawa: Ukoy (fried fritter of shrimp and bean sprouts), crispy pata (deep-fried pig's leg), pritong isda at ginulay sa mantikilya (battered vegetables)
- Mga Cake (halimbawa: ensaymada at Sans Rival), pasteleryas (halimbawa: hopia (pastries with sweet bean paste) at pandesal), biskwit, crisps at maraming tabang crackers
- Limitahan ang iniinom na bahagi para sa inuming avocado o miryenda

### ***Protina***

Ang protina ay mahalaga sa inyong katawan araw-araw para sa pagkumpuni ng mga luma at sirang mga bahagi. Karamihan sa mga taong nakatira sa Australya ay kumakain na ng sapat na protina at hindi na kailangang magdagdag pa.

Piliin ang mga kakaning protina na mababa rin sa taba. Ang mga pagkaing mapagkukunan ng mababa sa taba na protina ay walang taba na karne, karneng manok na walang balat. Isda at pagkaing dagat, itlog, mga produktong may gatas na mababa sa taba, walang asin na nuwes, legumes (munggo, pinatuyong beans, kagyos at lenteha) at mga produkto ng soya gaya ng tofu.

Kausapin ang inyong dietitian kung hindi kayo tiyak na sapat na ang kinakain ninyong protina.

### ***Mga bitamina at mineral***

Mahalaga sa malusog na katawan ang bitamina at mineral. Ang mga pagkain mula sa sa limang grupo ng pagkain ay makakatulong sa inyo na makuha ang lahat ng mga bitamina at mineral na kailangan ng inyong katawan.

Ang mga grupo ng pagkain ay:

- Mga tinapay at seryal
- Mga gulay
- Mga prutas
- Mga pagkaing gawa sa gatas
- Karne at pampalit sa karne (halimbawa: karneng manok, pagkaing dagat, itlog, gulay-buto, mga nuwes at butil).

# 8

## Common Questions about Food and Diabetes

### **How often should people with diabetes eat?**

It is important for all people with diabetes to eat regular meals over the day. This helps to spread food intake out and prevent blood glucose levels going too high or low.

Some people with diabetes take tablets or insulin to help manage their diabetes. These medications may mean that you need to eat at certain times, eat a small snack between meals or have a snack before bed. Discuss with your dietitian, diabetes educator or doctor whether you need to eat at certain times or need to eat snacks.

If you keep irregular hours (or you do shift work) it is important to discuss this with your dietitian, diabetes educator or doctor as your medications may need to be adjusted to fit in with when you are able to eat. It is important that you do your best to have a regular eating pattern from day to day.

### **Why is it important to manage my weight?**

Being overweight can make it harder to control your blood glucose levels. Carrying too much fat around your middle is especially bad for diabetes and heart disease. If you are overweight, ask your dietitian for advice on how to adjust your food intake to lose weight. Also speak to your doctor or an exercise physiologist about exercise.

### **Can I eat fruit? What type of fruit can I eat and how much?**

Yes, people with diabetes can eat fruit. Fruit is an excellent source of fibre, vitamins and minerals. All fruit can be included as part of a healthy diet for people with diabetes. Fruit contains natural sugar therefore it is important to spread fruit over the day.

The recommendation for fruit is the same as the general population. That is, two servings of fruit each day. 1 serve of fruit equals:

- 1 medium piece of fruit (e.g. 1 apple or 1 orange or 1 pear)
- 2 smaller pieces of fruit (e.g. 2 plums or 2 kiwifruit)
- 1 cup chopped or canned fruit (not in syrup)
- 20 grapes
- 1 large peach
- 1 tablespoon of sultanas or 4 dried apricots\*
- 1 small banana or ½ large banana
- ½ cup of tin pineapples
- 1 small mango (flesh only)
- 1 ½ cups of diced papaya or pawpaw

Fruit juice is high in kilojoules and does not contain fibre. It is much better to eat the whole fruit rather than drink the juice. Drinking too much juice raises blood glucose levels and may contribute to weight gain. If you must drink juice, limit to a maximum of 1 small glass a day.

\*Dried fruit contains a lot of natural sugar. If you eat dried fruit limit to a small quantity e.g. 1 tablespoon of sultanas, 2 dried figs or 4 pitted dates.

# 8

## Mga karaniwang katanungan tungkol sa mga pagkain at diyabetes

### **Gaano dapat kadalas kumain ang may diyabetes?**

Mahalaga para sa mga may diyabetes na kumain ng regular sa maghapon. Makakatulong itong ikalat ang pagpasok ng sustansya sa katawan at hadlangan ang sobrang pagtaas o pagbaba ng lebel ng asukal sa dugo.

Ang ilang taong may diyabetes ay umiinom ng tabletas o nagtuturok ng insulin para matulungang pangasiwaan ang kanilang diyabetes. Dahil sa pag-inom ng mga gamot kailangan kayong kumain sa mga takdang oras, miryenda sa pagitan ng mga pagkain o miryenda bago matulog. Pag-usapan ninyo ng 'dietitian', 'diabetes educator' o doktor kung kayo ay dapat kumain o magmiryenda sa takdang mga oras.

Kung kayo ay hindi regular ang ginagawa (o may trabahong palipat-lipat ng oras), mahalagang pag-usapan ito sa inyong 'dietitian', 'diabetes educator' o doktor dahil ang inyong paggagamot ay kailangang ibabagay para tumama sa oras na maaari kayong kumain. Mahalagang magkaroon ng mga regular na oras ng pagkain sa araw-araw.

### **Bakit mahalaga na bantayan ko ang aking timbang?**

Ang pagiging sobra sa timbang ay magpapahirap sa inyo sa pagkontrol ng lebel ng asukal sa dugo. Ang pagkakaroon ng masyadong taba sa tiyan ay masama sa may diyabetes at sakit sa puso. Kung kayo ay sobra sa timbang, humingi ng payo sa inyong 'dietitian' kung paano ibabagay ang inyong pagkain para mabawasan ang timbang. Kausapin din ang inyong doktor o 'exercise physiologist' tungkol sa pag-ehersisyo.

### **Makakakain ba ako ng prutas? Anong prutas ang maaari kong kainin at ilan?**

Oo, marami sa mga taong may diyabetes ay makakakain ng mga prutas. Ang prutas ay isang mahusay na pagkukunan ng himaymay, mga bitamina at mineral. Ang lahat ng mga prutas ay maaaring isama bilang bahagi ng malusog na diyeta sa mga taong may diyabetes. Ang prutas ay may natural na asukal kaya mahalagang ikalat ang oras ng pagkain ng prutas sa buong maghapon.

Ang inirerekomendang karami ng pagkain sa prutas ay kapareho sa karamihan sa populasyon: dalawang hain ng prutas baw't araw. Ang isang hain ng prutas ay:

- 1 medium piraso ng prutas (halimbawa: 1 mansanas o 1 naranghita o 1 peras)
- 2 maliliit na pirasong prutas (halimbawa: 2 'plum' o 2 'kiwifruit')
- 1 tasang tinadtad o de-latang prutas (hindi pinatamis)
- 20 ubas
- 1 malaking melokoton (peach)
- 1 kutsarang pasas (sultanas) o 4 pinatuyong apricots\*
- 1 maliit na saging o ½ malaking saging
- ½ tasang delatang pinya
- 1 maliit na mangga (laman lang)
- 1 ½ tasa na ginayat na papaya o pawpaw

Ang kinatas na prutas ay mataas sa kaloriya (kilojoules) at walang lamang himaymay. Mas mabuti pang kainin ang buong prutas kaysa inumin ang katas. Ang pag-inom ng maraming katas ay nagpapataas ng lebel ng asukal sa dugo at nakakadagdag sa timbang. Kung kailangan ninyong uminom ng katas ng prutas, limitahan sa 1 maliit na baso lamang bawat araw.

\*Ang pinatuyong prutas ay may likas na lamang asukal. Kung kakain ng pinatuyong prutas, limitahan ang dami, halimbawa, 1 kutsarang pasas (sultanas), 2 pinatuyong 'figs' o 4 na walang-butong 'dates'.

### **Can I eat unlimited vegetables?**

Vegetables provide an excellent source of fibre, vitamins and minerals. Recommendations for vegetables are five or more servings a day. One serve of vegetables is equal to ½ cup cooked vegetables or 1 cup salad or 1 medium potato\* or ½ cup cooked legumes\*. Most vegetables have very little impact on blood glucose levels and weight (i.e. salads, eggplants, cabbages and Chinese cabbages). These vegetables are referred to as free foods (add hyperlink to 'free food' in this chapter.) and can be included in unlimited quantities.

